



**Philippine
Overseas
Employment
Administration**

Republic of the Philippines
Department of Labor and Employment
BFO Building, Ortigas Avenue cor. EDSA, Mandaluyong City 1501
Website: www.poea.gov.ph E-mail: info@poea.gov.ph
Hotlines: 722-1144, 722-1155



ADVISORY NO. 49
Series of 2018

PARA SA : Mga Kinauukulan
SUBJECT : Volunteer Caregivers Para sa Mga Homecares sa Germany, Hindi Pinahihintulutan ng POEA

Apat (4) na mga Pilipinong nurses ang pinigil sa paglabas ng bansa ng mga operatiba ng Kawanihan ng Pandarayuhan (Bureau of Immigration) sa Clark, Pampanga. Ang kanilang recruiter, isang Alemanya, ay kasalukuyang nakapiit habang hinihintay ang paglilitis sa kanya sa tangka niyang pagpupuslit sa mga nasabing Pilipinong Nurses palabas ng bansa bilang mga ilegal na manggagawa sa Germany.


Ang mga nasabing nurses ay binigyan ng mga visa bilang volunteer workers sa nasabing bansa. Ang gawaing ito ay isang pagtatangka ng pangangalakal o bentahan ng tao (human trafficking). Maliban dito ay napag-alamang wala silang mga kaukulang papeles at dokumento bilang mga manggagawa sa Germany, lalong lalo na ng Overseas Employment Certificate (OEC) na ibinibigay ng POEA bilang katibayan na sila ay mga legal na manggagawang Pilipino sa ibang bansa.

Ayon sa nabanggit na pangyayari, ang lahat po ay pinag-iingat sa pakikipag-usap o pakikipag transaksyon sa mga taong walang awtoridad o lisensya upang mag-recruit ng mga manggagawa patungo sa ibang bansa. Tandaan po ninyo na ang mga may Overseas Employment Certificate (OEC) mula sa POEA, na nagsisilbing Travel Exit Clearance lamang po ang maaaring lumabas ng bansa bilang mga manggagawang Pilipino sa abroad.

Kung sakaling may mga lumalapit sa inyong mga tao na nangangako ng trabaho sa ibang bansa nguni't walang maipakitang balidong lisensya mula sa POEA, mangyari po lamang na agad itong ipaalam sa POEA Anti-illegal Recruitment Branch na may telepono bilang 721.06.19 o 722.11.92 upang agad na maaksyunan at mapigil ang pagkalat ng mga ilegal na gawain at panloloko.

Para sa kaukulang impormasyon upang malaman kung legal at hindi peke ang lisensya ng kausap ninyong ahensya, maaari po kayong bumisita sa aming website, www.poea.gov.ph o tumawag sa aming 24/7 hotline 722.11.44 o 722.11.55.

Para sa patnubay at kaalaman ng lahat.


BERNARD P. OLALIA
Administrator

25 September 2018

Sources: Bureau of Immigration, Clark International Airport, Pampanga
Philippine News Agency
POEA Anti-Illegal Recruitment Branch

CONTROLLED AND DISSEMINATED
BY CRD ON 03 OCT 2018